Australian Government

Tagalog



# Pag-aaral sa Australia

## Biosecurity

# BABALA SA BIOSECURITY

May mga estudyante na nakansela ang visa dahil sa paglabag sa mga batas sa biosecurity ng Australia. Kung hindi ka sigurado, ipahayag mo lang ito.

## Pag-aaral sa Australia

Kung isa kang estudyante mula sa ibang bansa na nagpaplanong mag-aral sa Australia, mahalagang suriin mo ang mga kinakailangan para sa biosecurity ng Australia kapag nag-eempake ng iyong mga personal na gamit bago bumiyahe. Maaaring magdala ang ilang partikular na pagkain, materyal ng halaman, at mga produktong mula sa hayop na galing sa ibang bansa na maaaring magpasok ng mga malalang peste at sakit sa Australia, na makakapinsala sa aming mga pinapahalagahang industriya ng agrikultura at turismo at sa aming natatanging kapaligiran.

Maaaring hindi pahintulutan ang ilang produkto, at may ibang mga produkto naman na pinapayagan lang kung nakatutugon ang mga ito sa ilang partikular na mga kondisyon sa pag-angkat para sa biosecurity.

Kung nabigo kang magpahayag, o kung nagbigay ka ng hindi totoong pahayag, maaari kang maparusahan. Halimbawa, maaaring mabigyan ka ng abiso ng paglabag. Posible ring kanselahin ang iyong visa at kung ganoon ang mangyayari, hindi ka payagang pumasok sa Australia at maaaring hindi ka makabalik sa Australia ng hanggang tatlong taon. Kung hindi ka sigurado sa isang bagay, ipahayag ito, o huwag na lang itong dalhin.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **agriculture.gov.au/travelling/to-australia**.

Mas mabilis ang clearance sa airport kung hindi ka magdadala ng pagkain, materyal ng halaman, o mga produktong mula sa hayop. Madaling mabibili ang karamihan ng mga bagay sa Australia.

Mahalagang sabihin sa pamilya at mga kaibigang bibisita sa iyo mula sa ibang bansa na huwag magdala sa Australia ng pagkain, materyal ng halaman, o mga produktong mula sa hayop. Gayunpaman, kung magpapasya silang magdala ng mga produktong ito, dapat din nilang ipahayag ang mga ito.



# Mga pinapahintulutang produkto


## Pagkain

Pinapahintulutan ang mga sumusunod na komersyal na produktong ginawa at nakabalot:

- ✔ mga pang-almusal na cereal
- ✔ tsokolate
- ✔ kape—instant, giniling o sinangag (hindi kasama ang Kopi Luwak)
- ✔ kendi (hindi kasama ang mga Indian dairy sweet at matamis na pagkaing gawa sa karne)
- ✔ mga instant pansit
- ✔ mga muesli bar
- ✔ plain na tinapay, mga roll o bun (walang palaman o topping)
- ✔ tsaa (black tea at green tea lang).







## Mga gamit sa bahay at damit

Malinis dapat ang mga gamit na ito at walang butong pananim, duming-lupa, balat ng puno, insekto, mugmug ng pagkain, tissue ng hayop at mugmug (debris) ng halaman at iba pang materyal na mapanganib para sa biosecurity bago dumating sa Australia:

- ✔ mga bagay na gawa sa kawayan (gawa dapat sa pinatuyong kawayan, hindi sariwa o berdeng kawayan)
- ✔ kubrekama
- ✔ mga damit
- ✔ mga komersyal na produkto sa pagpapaganda at personal na kalinisan (hygiene) na nakahanda at nakabalot
- ✔ mga nilamanan ng pang-ilalim na mga balahibo ng gansa/pato (down filled) at nilamanan ng pang-ibabaw na balahibo ng gansa/pato (feather filled) na gamit (kabilang ang mga jacket, sleeping bag, kubrekama at unan)
- ✔ kagamitan sa kusina (kabilang ang mga kawali, blender at rice cooker)
- ✔ mga instrumentong pangmusika
- ✔ mga sapatos
- ✔ mga gamit na gawa sa kahoy.

Para sa kamalayan, may ilang laruan, heat pillow, snow dome at souvenir na maaaring may materyal na napapailalim sa mga kondisyon sa pag-aangkat, gaya ng waste cotton, mga wheat grain, mga buto, beans, lupa, straw o tubig.





## Iba pang produkto

Pinapayagan sa Australia at hindi mapanganib para sa biosecurity ang mga sumusunod na produkto:

- ✔ mga inuming nakakalasing, sigarilyo at iba pang naprosesong produkto ng tabako
- ✔ elektronikong kagamitan (kabilang ang mga laptop, tablet, telepono at camera)
- ✔ mga importanteng gamit (kabilang ang alahas, mga relo at pera).

Ang mga pang-angkat na ito ay pinapangasiwaan ng Department of Home Affairs na maaaring kailangang sumuri at magbigay ng clearance sa mga produktong ito bago payagan na ipasok. I-tsek sa **homeaffairs.gov.au** para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpa-clearance ng mga produkto sa border at mga bayarin at buwis sa pag-aangkat.

Para sa mga di kailangan ang reseta (over-the-counter) na gamot, vitamin na suplemento at iba pang panlunas na produkto, pakitingnan ang Pangangasiwa ng Mga Panlunas na Produkto (Therapeutic Goods Administration) sa **tga.gov.au**.










## Huwag magdala ng

- ✖ karne (kabilang ang salami, mga sausage at ham)
- ✖ mga halaman (kabilang ang mga nakapasong halaman at cutting)
- ✖ mga produktong gawa sa gatas (kabilang ang gatas, keso, yoghurt at butter)
- ✖ mga pulse (gulay na buto) (kabilang ang mga bean, lentil, pea at chickpea)
- ✖ kanin
- ✖ mga pinatuyong sili/capsicum (maliban na lang kung dinurog o giniling para sa komersyo)
- ✖ mga buto (kabilang ang spices) at mani
- ✖ mga buto o bulb na itatanim
- ✖ mga bulaklak (kabilang ang bagong pitas at pinatuyo)
- ✖ mga itlog at produktong gawa sa itlog (kabilang ang mga buo, pinatuyo at pinulbos na itlog, century egg, egg noodle at gawa sa itlog na mayonnaise, sarsa o custard)
- ✖ wheat (maliban na lang kung dinurog o giniling para sa komersyo)
- ✖ mga prutas at gulay (kabilang ang mga date, mansanas, saging at citrus na prutas)
- ✖ pagkain o mga gamot na para sa mga hayop (kabilang ang mga pampurgang tableta, antibiotic, de-lata o tuyong pet food)
- ✖ mga lutong bahay na pagkain (anumang pagkaing hindi komersyal na ginawa at nakabalot)
- ✖ mga buhay na hayop (kabilang ang mga mammal, itlog ng mga ibon, insekto, amphibian, reptile, isda at mga uod ng seda (silkworm))
- ✖ mga pagkain o meryendang natanggap sa iyong eroplano (flight) (kabilang ang prutas, yoghurt, milk drinks at mga sandwich)
- ✖ lupa (kabilang ang mga pang-sample, specimen at lupang dumikit sa kagamitan o sapatos)
- ✖ marumi o basang kagamitang pang-sport/pang-camping
- ✖ mga tradisyonal na pangremedyo at gamot na herbal, produktong mula sa hayop o pinatuyong kabuteng panggamot (may mga nailalapat na mahigpit na kondisyon sa pag-aangkat).

Tingnan ang sistema ng Mga Kondisyon sa Pag-aangkat para sa Biosecurity (BICON) ng Australia sa **agriculture.gov.au/bicon** para sa mga pinakabagong kondisyon sa pag-angkat. Maaaring magbago nang walang abiso ang mga kondisyon sa pag-angkat para sa biosecurity.







## Kapag nag-eempake

Ikaw dapat ang mag-empake ng iyong bag at alam mo dapat ang lahat ng laman nito. Ikaw ang mananagot sa lahat ng nasa iyong bag. Nakahiwalay dapat ng pagkaempake o nasa itaas ng bagahe mo ang mga gamit na kailangang ipahayag sa pagdating.

## Sa pagdating

Sagutan ang iyong Card ng Papasok na Pasahero. Dapat mong ipahayag kung may dala kang pagkain, materyal ng halaman o mga produktong mula sa hayop. Kung nabigo kang magpahayag, o kung nagbigay ka ng hindi totoong pahayag, maaari kang maparusahan. Halimbawa, maaaring mabigyan ka ng abiso ng paglabag. Posible ring kanselahin ang iyong visa at kung ganoon ang mangyayari, hindi ka payagang pumasok sa Australia at maaaring hindi ka makabalik sa Australia ng hanggang tatlong taon.

Hindi ka mapaparusahan sa ilalim ng *Biosecurity Act 2015* kung ipapahayag at ipapakita mo ang lahat ng produkto, kahit na hindi pinapayagang ipasok ang mga ito sa Australia.

Bibigyan ka ng pagkakataong kusang itapon ang pagkain, materyal ng halaman at mga produktong mula sa hayop sa mga basurahan sa airport. Huwag kalimutang itapon kaagad ang anumang pagkaing natanggap sa sinakyang flight mula sa airline.

Maaaring suriin ang bagahe mo para matukoy ang mga bagay na problema para sa biosecurity. Maaaring kabilang dito ang pagtatanong ng mga biosecurity officer o pagsusuri gamit ang X-ray, mga detector na aso at/o aktwal na pag-inspeksyon.

May ilang produktong nangangailangan ng paggamot para makontrol ang panganib ng mga ito sa biosecurity. Kung pipiliin mong sumailalim sa paggamot o iluwas ang mga produkto, dapat mong bayaran ang mga kaugnay na gastos. Sa kapalit na mapagpipilian, puwede mong kusang itapon ang mga produkto.

Ibabalik sa iyo ang mga produktong walang panganib sa biosecurity pagkatapos ng pag-inspeksyon.


Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **agriculture.gov.au/travelling/to-australia**.




## Mga parcel mula sa bahay

Inilalapat ang mga kaparehong kondisyon sa pag-angkat sa mga bagay na ipinapadala sa Australia sa pamamagitan ng koreo. Mahalagang sabihin mo sa iyong pamilya at mga kaibigan sa ibang bansa ang tungkol sa mga batas sa biosecurity ng Australia at sabihan sila na huwag magpadala ng pagkain, materyal ng halaman o mga produktong mula sa hayop.


## Tumulong na maprotektahan ang Australia mula sa mga nakasisirang peste at sakit




Ang **Foot-and-mouth disease** ay maaaring makuha mula sa mga produktong karne at gawa sa gatas, lupa at mga sapatos, damit at kagamitang ginagamit sa mga hayop na may cloven hoof.



Ang **African swine fever** ay maaaring makuha mula sa mga produktong baboy at sa pamamagitan ng mga kontaminadong sapatos, damit at kagamitan.



Ang **Khapra beetle** ay maaaring kumalat sa pamamagitan ng mga produkto, kabilang ang bigas, mga buto, at mga butil (grain).



Ang **Xylella fastidiosa** ay isang sakit ng mga halamang dulot ng bakterya na maaaring makapasok sa Australia sa pamamagitan ng mga impektado na materyal ng halaman at insekto.

## Karagdagang Impormasyon

Para sa impormasyon tungkol sa pagdadala o pagpapadala ng mga produkto sa Australia, bisitahin ang **agriculture.gov.au/travelling** o mag-email sa **imports@aff.gov.au**.

Regular na nagbabago ang mga kondisyon sa pag-angkat, kaya suriin ang BICON bago ka bumiyahe o magpadala ng mga produkto sa Australia.

Para mahanap ang mga detalyadong kondisyon sa pag-angkat, bisitahin ang **agriculture.gov.au/bicon**.

**Telepono:** 1800 900 090 o
+61 3 8318 6700 (mula sa labas ng Australia)

**agriculture.gov.au**/studying

**Facebook:** Australian Biosecurity
**Instagram:** @australianbiosecurity

© Commonwealth of Australia 2024. Tama ang impormasyon sa polyeto na ito sa panahon ng paglalathala.
Maaaring magbago nang walang abiso ang mga kondisyon sa pag-angkat para sa Biosecurity.

BIO041.0324